Buhawi

Handa ka na ba laban sa isang Buhawi?

Ito ang maaari mong gawin upang maghanda para sa ganoong pangyayari

Maghanda ng Plano laban sa Buhawi para sa iyong Tahanan

- ✓ Pumili ng isang lugar kung saan ang mga miyembro ng pamilya ay maaaring magtipon-tipon kapag may parating nang buhawi. Maaaring ang lugar na ito ay ang iyong basement, o kung walang basement, ay isang gitnang daanan sa loob ng bahay, o di kaya isang paliguan, o bodega sa pinakamababang palapag. Panatilihing walang kalat ang lugar na ito.
- ✓ Kung ikaw ay nasa isang mataas na gusali, maaaring wala ka nang sapat na panahon upang pumunta sa pinakamababang palapag. Pumili ng isang lugar na nasa gitnang daanan sa loob ng gusali.

Bumuo ng isang Disaster Supplies Kit na naglalaman ng--

- ✓ First aid kit at mga importanteng gamot.
- ✓ De-latang pagkain at abre-lata.
- ✓ Di kukulang sa 3 gallon na tubig bawat tao.
- ✓ Damit na makakapal at pang-proteksyon, saplot laban sa init o lamig, mga kumot, sapin at mga sleeping bags.
- ✓ De-bateryang radyo, flashlight, at mga baterya.
- ✓ Espesyal na mga kagamitan para sa sanggol, mga matatanda o mga may-kapansanan na kapamilya.
- ✓ Mga nakasulat na kautusan kung paano isara ang gas o kalan, koryente at tubig kung ito ay ipag-utos ng mga awtoridad. (Tandaan, kung mayroon kang natural gas service, kailangan mo ng isang eksperto upang mabuksan muli ito.)

Magsagawa ng paulit-ulit na tornado drills upang matandaan ng lahat kung ano ang gagawin kapag may parating na buhawi.

Manatiling nakaantabay para sa mga babala ukol sa bagyo

- ✓ Makinig sa iyong lokal na himpilan ng radyo at telebisyon para sa pinakabagong ulat ukol sa bagyo.
- ✓ Alamin kung ano ang ibig sabihin ng isang tornado WATCH at WARNING:
  - Ang tornado WATCH ay nangangahulugan na ang isang buhawi ay maaaring mangyari sa iyong lugar.
  - Ang tornado WARNING ay nangangahulugan na may namataan nang buhawi at maaari itong patungo sa iyong lugar. Agad na lumikas papunta sa isang mas ligtas na lugar.
- ✓ Ang mga tornado WATCHES at WARNINGS ay idinedeklara ng bawat bayan (county) o parokya (parish).

Kapag idineklara ang isang tornado WATCH-

- ✓ Makinig sa iyong lokal na himpilan ng radyo at telebisyo para sa mga karagdagang ulat.
- ✓ Maging alerto sa mga nagbabagong ng panahon. Ang mga inililipad na bagay-bagay o ang tunog ng isang papalapit na buhawi ay maaaring mag-alerto sa iyo. Marami ang nagsasabi na kasing tunog nito ang isang malaking tren.

Kapag may idineklarang tornado WARNING-

- ✓ Kung ikaw ay nasa loob, pumunta na sa ligtas na lugar na iyong napili sa loob ng bahay at protektahan ang sarili mula sa bubog at iba pang mga naililipad na bahay. Maaaring papunta na ang buhawi sa inyong lugar.
- ✓ Kung ikaw ay nasa labas, agad na pumunta sa basement ng isang kalapit na matatag na gusali, o di kaya ay dumapa sa isang kanal o sa isang mababang silungan.
- ✓ Kung ikaw ay nasa loob ng kotse o mobile home, agad na lumabas at magtungo sa ligtas na lugar (gaya ng nasabi na).

Pagkalipas ng buhawi-

- ✓ Mag-ingat sa mga natumbang kawad at poste ng koryente at iwasan ang napinsalang lugar.
- ✓ Makinig sa radyo para sa impormasyon, mga payo at kautusan.
- ✓ Gumamit ng flashlight upang suriin ang iyong kabahayan para sa pinsala.
- ✓ Huwag gagamit ng kandila kahit anong oras.

Handa ka na ba Laban sa isang Buhawi?

Kalimutan na ang kaisipan na ang mga "twisters" o buhawi ay maaari lamang mangyari sa Midwest o Gitnang-Silangang bahagi ng Amerika. Ang mga buhawi ay naiulat na sa lahat ng mga state. At bagamat kadalasan silang dumarating sa panahon ng tagsibol at tag-init, maaari din silang dumating sa kahit anong oras sa buong taon.

Taglay ang hangin na may bilis na 200 milya bawat oras o higit pa, maaaring pinsalain ng buhawi ang kahit anumang bagay na madaanan nito. Sa kabuuan, may mga senyales at babala sa panahon na maaaring mag-alerto sa iyo upang makapaghanda.

Maghanda at isali ang iba't ibang mga kapamilya upang isagawa ang bawat isa sa mga gawain sa checklist sa ibaba. Pagkatapos ay itipon ang buong pamilya upang talakayin at pagkasunduan ang inyong Pampamilyang Plano laban sa Sakuna.

____ **Pumili ng isang ligtas na lugar sa loob ng iyong kabahayan kung saan ang mga miyembro ng pamilya ay maaaring magtipon-tipon habang may buhawi. (Kung meron kang basement, ito ang piliin mong ligtas na lugar. Kung wala kang basement, pag-isipan ang isang daanan sa loob ng bahay o isang kuwarto sa pinakamababang palapag.) Siguraduhin na walang mga bintana o salamin na pinto sa lugar na ito. Panatilihing walang kalat ang lugar na ito.**

Basement: ☐Oo ☐ Hindi
Kung oo, ligtas na lugar ba ang iyong basement?
Kung hindi (o kung ikaw ay nasa mataas na gusali), pumili ng ibang ligtas na lugar.
Kinalalagyan ng ligtas na lugar:_____

____ **Kung nakatira ka sa isang mobile home, pumili ng iba pang ligtas na lugar sa isang kalapit na matatag na gusali. (Kung ang iyong mobile home park ay may nakalaan na shelter, ito ang piliin mong ligtas na lugar.)**

Kinalalagyan ng ligtas na lugar:_____

____ **Bumuo ng isang Disaster Supplies Kit sa isang malinaw na tinatakan at madaling kuhain na kahon.**

Kinalalagyan ng Disaster Supplies Kit:_____

____ **Magsulat ng mga kautusan kung paano isara ang gas o kalan, koryente at tubig kung ito ay ipag-utos ng mga awtoridad. (Tandaan, kung mayroon kang natural gas service, kailangan mo ng isang eksperto upang mabuksan muli ito.)**

Isinulat ang Kautusan noong::_____
(petsa)

____ **Siguraduhin na alam ng lahat ng kapamilya ang pangalan ng bayan (county) o parokya (parish) kung saan kayo nakatira o papunta, sapagkat, ang mga tornado WATCHES at WARNINGS ay idinedeklara para sa bawat bayan (county) o parokya (parish).**

Pangalan ng bayan/parokya kung saan kayo nakatira:_____

Pangalan ng bayan/parokya kung saan kayo papunta:_____

Talakayin sa iyong pamilya kung ano ang dapat gawin kapag may idineklara na tornado WATCH o WARNING.

At tandaan...kapag may mangyaring lindol, buhawi, pagbaha, sunog o anumang kalamidad sa iyong bayan, maaasahan mo na nandoon ang iyong lokal na American Red Cross chapter upang tulungan ka at ang iyong pamilya. Ang iyong Red Cross ay hindi isang ahensya ng gobyerno at umaasa sa kontribusyon ng iyong oras, pera at dugo.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan lang po sa iyong lokal na American Red Cross Chapter, National Weather Service office o emergency management office. Maaari mo ring puntahan ang mga Web sites na ito:

American Red Cross: **www.redcross.org**

Your local Contact is:

National Weather Service: **www.nws.noaa.gov**

Federal Emergency Management Agency: **www.fema.gov**

ARC 4457 – Online Version
Tagalog
Rev. July 1998